Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

Naging Alipin ang Paboritong Anak

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan nila: Byron Unger at Lazarus

Ibinagay nila: M. Kerr at Sarah S.

Isinalin ni: Jireh Love

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2010 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Masaya si Isaac sa pagbabalik ng kanyang anak na si Jacob. Kahit na si Esau, na nagtangkang pumatay sa kanya, ay sumalubong din sa kapatid. Subalit ang mga anak ni Jacob ay hindi nasiyahan dahil si Jose, na bunso nilang kapatid, ay paborito ng kanilang ama.

Nagalit ang mga kapatid ni Jose nang ikinuwento niya sa kanila ang kanyang panaginip. "Ang mga bigkis ng palay ng aking mga kapatid ay yumuko upang parangalan ang bigkis ng palay ko," sabi ni Jose. Ang panaginip na ito ay nangangahulugan na si Jose ay magiging mas higit kaysa sa kanyang mga kapatid.




Sa ikalawang panaginip ni Jose, ang araw, buwan at mga bituin ay nagsipagyuko sa kanya. Kahit ang kanyang ama ay nagalit sa kanya dahil sa itinataas niya ang kanyang sarili sa kanyang mga magulang at mga kapatid.

Isang araw, pinapunta ni Jacob si Jose sa parang kung saan naroroon ang kanyang mga kapatid na nagbabantay ng kanilang mga alagang hayop. Malayo pa lang ay nakita na siya ng kanyang mga kapatid na paparating. "Patayin natin ang mapangarap na taong ito," ang sabi nila.

Hindi alam ni Jose ang panganib na naghihintay sa kanya.

Ang panganay na kapatid na si Reuben ay hindi sumang-ayon sa kanilang binabalak. "Hindi kailangang dumanak ang dugo," sambit niya. "Heto, may malalim na hukay dito. Hayaan natin siyang mamatay diyan!" Balak ni Reuben na iligtas ang kapatid na si Jose kinagabihan.

Pagdating ni Jose, sinunggaban agad siya ng mga kapatid. Hinubad nila ang kanyang makulay na balabal na espesyal na rinegalo pa ng kanilang amang si Jacob sa kanyang paboritong anak.

Pagkatapos ay ihinulog siya sa malalim at nakapangingilabot na hukay.

Habang wala si Reuben, may mga papalapit na mga manlalakbay sakay ng kamelyo na patungo sa Ehipto. "Ibenta natin si Jose," ang banggit ni Judah, isa sa mga kapatid ni Jose. Sila ay



nagkasundo at ibinenta nila si Jose sa halagang dalawampung pirasong pilak.

Takot, pangamba, at lungkot ang naramdaman
ni Jose habang hila siya ng kamelyo
at dinalang papalayo sa
kanyang bayan
at pamilya.



"Ito ba ang balabal ni Jose? Puno ito ng dugo. Nakita namin ito sa disyerto." Hinayaan ng masasamang magkakapatid na paniwalaan ni Jacob na pinatay ng mabangis na hayop ang kanyang paboritong anak. Pinunit ni Jacob ang kanyang damit at nagluksa. Walang sino man ang makapagbigay kaaliwan sa kanya.

Sa Ehipto, malamang na nakadama ng takot at lungkot si Jose. Ninais rin niyang makauwi na sa kanila. Subalit hindi siya makatakas. Siya ay naging alipin sa bahay ni Potipar, isa sa mga pinakamataas at importanteng tao sa Ehipto. Napansin ni Potipar na si Jose ay masipag at mapagkakatiwalaan.


"Magaling ka sa lahat ng iyong gawain" banggit ni Potipar kay Jose isang araw. "Ang Diyos ay nasa iyo. Nais kong pamunuan mo ang aking mga alipin. Ipinagkakatiwala ko rin sa iyo ang lahat ng aking negosyo at ikaw na rin ang magiging puno ng lahat ng iba ko pang mga alipin."

Biniyayaan ng Diyos si Potipar ng masaganang ani at pinagpala ng iba pang kayamanan dahil kay Jose. Naging importanteng tao si Jose habang patuloy siyang nagtiwala at matapat na naglingkod sa Diyos. Subalit may pagsubok na dumating sa buhay ni Jose.

Masamang babae ang asawa ni Potipar. Hinikayat niya si Jose na maging kapalit ng kanyang asawa. Ngunit hindi pumayag si Jose. Hindi niya hahayaang magkasala siya sa Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng masama kay Potipar.

Nang sinubukang pilitin ng asawa ni Potipar si Jose, siya ay tumakbong papalayo. Subalit nahablot niya ang balabal ni Jose.

"Inatake ako ng alipin mo," reklamo ng asawa ni Potipar. "Tingnan mo, heto ang kanyang balabal!"
Nagalit si Potipar kahit na may kutob siya na nagsisinungaling ang kanyang asawa.
Kailangan niyang gumawa ng paraan. Subalit ano ang kanyang magagawa?


Ikinulong ni Potipar si Jose kahit na siya ay walang sala. Hindi nagkimkim ng galit si Jose, marahil dahil natutunan niya sa kanyang mga naranasang paghihirap na kahit nasaan man siya, hanggat pinararangalan niya ang Diyos, ay pararangalan din siya ng Diyos kahit pa siya ay nakakulong.

Naging Alipin ang Paboritong Anak

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Genesis 37 - 39

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16